フィリピノ語 版

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 171


Ika−6 ng Oktubre 2020
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL：054-221-3715



## "Tungkol sa Kamalayan sa Iwas-krimen" sa Pagsisiyasat ng Pampublikong Opinyon


| Uri ng Pagsisiyasat | | |
|---|---|---|
| | Lugar at taong paksa ng pagsisiyasat | Mga residente ng lalawigan na 18 taong gulang at pataas |
| | Bilang ng sasagot at paraan ng pagpili sa kanila | Bilang 4,000, 2 hakbang na walang pagtukoy na pagpili |
| | Paraan at panahon ng pagsisiyasat | Ipapadala sa koreo, Hunyo-Hulyo, Bilang ng isinauling papel (%) 2,250 (56.3%) |

**Q1. Anong antas mo nararamdaman ang pag-aalala na baka maging biktima ka o ang iyong pamilya ng krimen sa Shizuoka?**




**A. 52.5% ng mga residente ay nakakaramdam ng pag-aalala**

**Q2. Anong krimen ang iyong inaalala?（Pumili ng maraming sagot）**




**A. Hanay ng mga inaalalang krimen ng mga taga-Shizuoka**

| | | |
|---|---|---|
| **Una:** | **Panloloob at pagnanakaw sa walang taong bahay** | **57.4%** |
| **Ikalawa:** | **Krimen gamit ang internet** | **48.6%** |
| **Ikatlo:** | **Pagbebenta ng may masamang intension** | **45.8%** |
| **Ikaapat:** | **Panloloko na mag-deposito** | **45.4%** |

Pinagmulan: 2020 na Pagsisiyat ng Lalawigan ng Shizuoka ng Pampublikong Opinyon

# Lagay ng mga Naganap na Krimen

Lagay ng Enero 1, 2020 ～ Setyembre 23 2020
Pinagmula: HP ng Kapulisan

| Modus Operandi | Kabuuang Bilang | Pagbabago sa Taon | Modus Operandi | Kabuuang Bilang | Pagbabago sa Taon |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagnanakaw ng bisikleta | 1,597 | ▲405 | Panloloob sa bakanteng bahay | 219 | ▲105 |
| Pagnanakaw ng motor | 187 | ▲90 | Panloloob para magnakaw sa bahay | 133 | ▲70 |
| Pagnanakaw ng sasakyan | 48 | ▲66 | Pang-aagaw ng bag | 8 | ▲9 |
| Pagnanakaw ng gamit sa sasakyan | 501 | ▲197 | Pagnanakaw sa tindahan | 1,738 | ▲56 |
| Pagnanakaw ng Gamit | 228 | ▲30 | | | |

**Kumpara noong nakaraang taon, bumaba ang bilang ng modus operandi, ngunit huwag tayong maging pabaya pagdating sa pag-iwas sa krimen!!**

## ~ Pagtugon sa Bakanteng Bahay ~

Takbo ng「Panloloob sa Bakanteng Bahay」
Maraming kaso ng panloloob ay sa pagbasag ng bintana o hindi pagkandado ng pinto o bintana

**Siguraduhin natin ang mga sumusunod!!**

- □ Ikinakandado ba ninyo ang mga pintuan at bintana kahit panandaliang aalis ng bahay?
- □ Doble ba ang kandado ng inyong pintuan at bintana? (dobleng kandado, ikalawang kandado)
- □ Kinabitan ba ninyo ng iwas-krimen na film ang salamin ng bintana o may matibay na metal na harang ba ang bintana?
- □ Kapag may nakita kang tao na hindi pamilyar sa iyo, binabati o tinatawag mo ba siya?
- □ Sa paligid ng bahay, mayroon bang maaaring tungtungan sa pag-akyat?




## ~ Para hindi mabiktima ng cyber na krimen ~

### Para sa indibidwal na gumagamit

**Pangangalaga ng ID at password**

・Huwang itong ipaalam sa ibang tao
・Huwag gumamit ng password na madaling hulaan
・Huwag gumamit ng madaling hulaan na password at regular itong palitan

**Pag-iwas na ma-hack o mahawaan ng virus**

・Magkabit ng firewall at anti-virus na software
・Huwag buksan ang kaduda-dudang e-mail o magpunta sa hindi mapagkakatiwalaang website
・Palagian nating i-update ang web browser
・Huwag patuloy na naka-konekta sa internet kung hindi kinakailangan
・Huwag i-save ang importanteng file/data sa PC

**Ligtas na paggamit ng pampublikong koneksyon**

・Huwag kumunekta sa hindi kilalang access point
・Huwag kumunekta sa walang encryption o mababa lamang ang nibel ng encryption na access point
・Huwag magpadala ng mahalagang impormasyon sa URL na walang markang susi (hindi gumagamit ng SSL)

**Pag-iwas na kumalat ang pribadong impormasyon**

Madaling kumalat ang pribadong impormasyon kung ang iyong profile sa iyong website o sa mga forums ay may mga hindi kinakailangan na isapubliko na detalye. Iwasan din natin na isulat ang ID, password, detalye ng credit card o iba pang pribadong detalye kung gumagamit ng internet sa mga dumaraming internet café o wifi hotspots kung saan maraming tao ang kumukunekta dahil mataas ang panganib na manakaw ang inyong impormasyon.

Pinagmulan: HP ng Kapulisan